

## **Malugod na tinatanggap ng Lungsod ng Brampton ang anunsyo sa pamumuhunan mula sa mga partner na pamahalaang pederal at lalawigan at Stellantis**

BRAMPTON, ON (Mayo 2, 2022) – Tinatanggap ng Lungsod ng Brampton ang anunsyo na ginawa sa araw na ito na ang mga pamahalaang pederal at panlalawigan ay magkaisang namumuhunan ng higit sa \$1 bilyon para makatulong sa Stellantis na i-retool ang mga planta ng awto nito sa Canada – kabilang ang pasilidad nito sa Brampton – para gumawa ng electric na mga sasakyan. Ang Stellantis ay namumuhunan ng iba na namang \$2.4 bilyon sa mga proyekto nito sa electrification.

Sa Brampton Assembly Plant nito, mag-i-install ang Stellantis ng isang flexible assembly line na kayang lumikha ng battery-electric at hybrid na mga behikulo. Ang overhaul na ito ay magpapa-iba sa kapasidad ng automaker na matugunan ang lumalaking pangangailangan ng mga konsumador para sa mga behikulong mababa ang emission. Ang commitment ng Ontario na hanggang \$132 milyon ay makakatulong sa pag-secure ng pangmahabang panahon na kinabukasan ng pasilidad sa Brampton.

Ang pasilidad ng Stellantis sa Brampton ay isang anchor ng industriya ng sasakyan sa Brampton, at nakakaapekto nang malaki sa lokal na ekonomiya, nagbibigay ng tinatayang 3,000 na trabaho sa manufacturing. Nabibigay rin ito ng maraming hindi direktang mga trabaho sa buong lalawigan. Tinataya na sa bawat isang trabaho sa automotive na pasilidad, sindami ng lima o anim na hindi direktang mga trabaho ang nalikha.

Ang sektor ng sektor ng Advanced Manufacturing sa Brampton ay ang pundasyon para sa pagtutulungan, partnership at inobasyon patawid sa bawat industriya. Ito ang pinakamalaking industriya ng Brampton batay sa trabaho, na kinabibilangan ng halos quarter ng mga manggagawa ng lungsod. 23 porsyento ng manggagawa ng sektor ng Advanced Manufacturing ng Brampton ay nasa industriya ng automotive.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa industriya ng automotive sa Brampton at sa sektor ng Advanced Manufacturing, bisitahin ang: [www.investbrampton.ca](http://www.investbrampton.ca).

### **Maiikling impormasyon**

- Noong Pebrero, nag-host ang Lungsod ng [Brampton Automotive Forum](#) para pag-usapan ang kahalagahan ng industriya ng automotive sa Brampton at lumikha ng kamalayan tungkol sa pangangailangan ara sa pamumuhunan sa Stellantis Brampton Assembly Plant sa lahat ng antas ng pamahalaan. Ang forum ay dinaluhan ng Mga Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Brampton, ng Economic Development staff, mga

Ministro, mga lokal na MP at MPP, na tumalakay sa kinabukasan ng industriya ng automotive ng Brampton at sa mas malawak na mga industriya ng automotive sa Ontario at Canada.

- Ang pasilidad ng Stellantis sa Brampton ay ang tanging planta sa kanilang buong pandaigdigang operation na lumilikha ng Dodge Chargers, Dodge Challengers, at Chrysler 300s.
- Higit sa 90 porsyento ng mga sasakyang gawa sa Brampton ay ini-export sa malawak na karamihan papunta sa U.S.
- Ang industriya ng paggawa ng automotive parts sa Brampton ay may ilang malalaking kumpanya kabilang ang mga pasilidad na pag-aari ng Magna, Martinrea, ABC Technologies at marami pang iba.

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay may maipagmamalaking kasaysayan ng labis na kahusayan sa automotive na naka-anchor sa ating pasilidad sa Stellantis, at isang malaki at inobatibong sektor ng advanced manufacturing. Ikinagagalak natin na ang ating lungsod ay magiging bahagi ng pandaigdigang paglipat ng automotive na industriya tungo sa mga sasakyang electric, at salamat sa ating mahalagang mga partner sa mga pamahalaang pederal at panlalawigan at sa Stellantis para sa magkatuwang na pamumuhunang ito. Ang kinabukasan ay maliwanag para sa Brampton, sa ating lokal na mga manggagawa, at sa ating industriya ng sasakyan.”

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang sektor ng advanced manufacturing ng Brampton ay ang pundasyon para sa pagtutulungan, partnership, at inobasyon sa lahat ng industriya sa ating komunidad na kumakatawan sa pinakamalaking industriya ng ating lungsod batay sa trabaho. Salamat sa mga partner ng ating pamahalaan at sa Stellantis para sa kanilang pamumuhunan na inanunsyo sa araw na ito, at sa ating dedicated na Economic Development staff na lumikha ng kamalayan sa pangangailangan ng pamumuhunang ito. Magbibigay pakinabang ito sa ating buong komunidad, at bilang Lungsod ng mga Pagkakataon, ang Brampton ay excited na maging lider sa paggamit ng electric sa industriya ng automotive.”

*- Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang lider sa inobasyon at sa advanced manufacturing. Malugod naming tinatanggap ang anunsyo sa araw na ito na magpapahintulot sa Stellantis na maglagay ng mga bagong tool sa pasilidad nito sa Brampton. Hindi lamang ito tutungo sa benepisyo ng electrification sa ating lokal na ekonomiya, ngunit magpapahintulot din ito sa Brampton na maging una sa industriya ng automotive sa hinaharap.”

*- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Economic Development Office ay umaasa sa patuloy na suporta sa Stellantis – isang anchor ng ating lokal na industriya ng automotive – habang nire-retool nila ang kanilang pasilidad sa Brampton para gumawa ng mga electric na sasakyan. Ang Brampton ay strategic na nakaposisyon para suportahan ang sektor ng maagap na advanced manufacturing, at sa ating de kalidad na mga manggagawa at ward-winning manufacturing, nagbibigay tayo ng perpektong lokasyon para maging parte ng kinabukasan ng industriya ng automotive.”

- *Clare Barnett, Director, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang anunsyo sa araw na ito ay nagpapakita kung gaano kahalaga na ang mga unyon, pamahalaan at industriya ay magsama-sama para protektahan ang mga trabaho sa paggawa ng sasakyan at panatilihin malakas ang Canadian manufacturing. Ang masisipag, dedicated na mga tao sa Brampton Assembly Plant ay nagmamalaki sa pagbuo ng ilan sa mga pinaka-de kalidad, pinaka-mabebentang behikulo sa mga uri nito. Ngayon magiging proud din tayo sa pagganap ng mahalagang papel sa transisyon sa electric na sasakyan para sa mga taon na darating”

- *Danny Price, Presidente, Unifor Local 1285*

“Ang pamumuhunan na ito ay muling nagkukumpirma sa matibay na commitment ng Stellantis sa Brampton. Para sa mga lokal na supplier at empleyado, ang hindi nakikinitang mga epekto nitong pamumuhunan ay nagpapahiwatig ng magandang hinaharap para sa ating komunidad.

- *Todd Letts, Chief Executive Officer, Brampton Board of Trade*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)